



Working Families
Tax Credit Coalition

Mga Madalas Itanong Tungkol sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) (*Tagalog*)

Ano ang Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya)?

Ang Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) ay isang taunang refund sa buwis para sa mga residente ng Washington na nagkakahalaga ng hanggang \$1,200. Ang halagang matatanggap mo ay depende sa antas ng iyong sahod at sa dami ng bata na nasa iyong sambahayan. Kwalipikado sa pagbabayad na ito ang mga hindi dokumentadong manggagawa at ibang gumagamit ng Numero ng Pagkakahilalan ng Indibidwal na Tagabayad ng Buwis (ITIN, Individual Taxpayer Identification Number) para sa kanilang mga buwis.

Paano ko malalamang kwalipikado ako?

Para maging kwalipikado, dapat:

1. Kumikita ka ng kahit \$1 lang bilang sahod sa taon ng pagbubuwis kung saan ka nag-a-apply (kung mag-a-apply para sa 2023, ibig sabihin nito, dapat kumita ka ng kahit \$1 lang noong 2022).
2. Nakatira ka sa Washington nang anim na buwan sa loob ng taon ng pagbubuwis kung saan ka nag-a-apply
3. Nasa edad 25 hanggang 65 taon ka, O anumang edad at may kahit isang kwalipikadong bata
 - a. Ang mga indibidwal na walang anak ay dapat nasa edad 25 hanggang 65. Kung may mga anak ka, walang restriksyon sa edad. [Ano ang kwalipikadong bata?](#)
4. Natutugunan mo ang mga limitasyon sa sahod
 - a. Ang maximum na sahod para maging kwalipikado ay \$59,187 para sa kasal na sambahayan na may tatlong bata. Bumababa ang mga limitasyon sa sahod depende sa dami ng bata na mayroon sa iyong sambahayan.

[Mag-click dito para malaman kung kwalipikado ka](#) (Spanish at English lang).

Paano ako makakapag-apply sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya)?

May ilang paraan para mag-apply sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya).

1. **Direktang mag-apply sa pamamagitan ng Department of Revenue**, gamit ang kanilang online na aplikasyon o kanilang papel na aplikasyon (kakailanganin mo ang iyong kumpletong federal tax return).

- Pumunta sa www.WorkingFamiliesCredit.wa.Gov para mag-apply online o mag-print ng papel na aplikasyon.
- Maaari ka ring kumuha ng papel na aplikasyon sa hanggang 13 wika sa field office ng Department of Revenue. [Maghanap ng mga lokasyon ng field office ng Department of Revenue dito.](#)

2. **Mag-apply sa pamamagitan ng libreng tax prep site** Tutulungan ka nilang ayusin ang iyong mga federal tax kasabay ng iyong Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya).

- Gamitin ang tool sa paghahanap ng Serbisyo sa Panloob na Kita (IRS, Internal Revenue Service) para maghanap ng libreng tax prep site na malapit sa iyo sa <https://irs.treasury.gov/freetaxprep/> o gamitin ang MyFreeTaxes.com para ayusin ang iyong mga buwis nang libre online.

3. **Mag-apply sa pamamagitan ng tax preparer o gumamit ng tax preparation software** Pakitandaang maaaring may mga bayad, at hindi kasama ang aplikasyon sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) sa lahat ng tax preparation software, ibig sabihin ay maaaring kailangan mong mag-apply sa Department of Revenue matapos kumpletuhin ang iyong mga federal tax.

- Maghanap ng [listahan ng tax preparation software na mag-i-integrate ng Working Families Tax Credit \(Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya\)](#) sa website ng Department of Revenue.
- Kung hindi nag-i-integrate ang iyong tax preparation software ng aplikasyon sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya), maaari ka pa ring mag-apply sa Department of Revenue (opsyon 1 sa itaas). Para sa 2023, hindi nag-i-integrate ang TurboTax ng aplikasyon sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) sa kanilang serbisyo.

Ano ang deadline sa pag-a-apply sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya)?

Mayroon kang tatlong taon para makuha ang iyong refund. Ibig sabihin nito na, kung kwalipikado ka sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) sa 2023, hanggang Dis 31, 2026 mo maaaring makuha ang iyong refund.

Ano ang mga limitasyon sa sahod ng Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya)?

Pareho ang mga limitasyon sa sahod ng Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) sa mga limitasyon sa sahod ng pederal na Earned Income Tax Credit (Credit sa Buwis Para sa Pinagtrabahuhanang Sahod). Tumataas nang kaunti kada taon ang mga limitasyon sa sahod.

**Talaan ng Mga Limitasyon sa Sahod ng Working Families Tax Credit
(Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) (2023)**

Idineklarang bilang ng mga bata o dependent	Dapat na kumikita ang aplikante nang hindi higit sa sumusunod (Naghahain bilang Single, Puno ng Sambahayan, Biyudo/Biyuda o Kasal na Naghahain nang Magkahiwalay*)	Dapat na kumikita ang aplikante nang hindi higit sa sumusunod (naghahain bilang Kasal na Magkasamang Naghahain)	Maximum na halaga ng credit
0	\$16,480	\$22,610	\$300
1	\$43,492	\$49,622	\$600
2	\$49,399	\$55,529	\$900
3+	\$53,057	\$59,187	\$1,200

Sino ang maituturing na kwalipikadong bata?

Ang kwalipikadong bata ay karaniwang isang bata na wala pang 19 taong gulang na nakatira sa iyo halos buong taon, o bata na wala pang 24 na taong gulang na naka-enroll nang full time sa paaralan nang kahit 5 buwan sa buong taon. Nakatutugon din sa mga kailangan ang bata, anumang edad, na permanente o pansamantalang may kapansanan.

Para maging kwalipikadong bata, ang iyong anak ay dapat na:

- Anak, stepchild, inampong bata, o foster na bata.
- Kapatid, half-brother o sister, stepsister o stepbrother
- Apo o pamangkin

Ang iyong anak ay dapat na mayroong Social Security Number O isang Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) para makuha mo ang iyong tax return. Makakapag-apply ka ng ITIN para sa iyong anak sa pamamagitan ng [IRS form W7](#) kapag maghahain ka ng iyong mga buwis.

[Matuto pa tungkol sa mga kwalipikadong bata](#) dito sa website ng IRS.

Paano at kailan ko matatanggap ang aking credit?

Ang Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng direktang deposito sa iyong bank account, o sa pamamagitan ng papel na tseke, depende sa opsyong pinili mo sa iyong aplikasyon. Maaaring umabot ng 90 araw bago mo makuha ang iyong Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya). Hiwalay ang bayad na ito sa iyong pederal na tax refund mula sa IRS, na madalas na mas mabilis dumating. Maghintay ng liham mula sa Department of Revenue ng Washington na nagsasabi sa iyo kung naaprubahan ang iyong aplikasyon.

Saan masasagot ang aking mga tanong tungkol sa aking aplikasyon?

Tawagan ang Call Center ng Department of Revenue, na bukas Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 360-763-7300. Available ang interpretasyon.

Kailangan ko ba ng Social Security Number para makapag-apply para sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya)?

Hindi mo kailangan ng Social Security Number para makapag-apply. Maaari kang gumamit ng Social Security Number o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN), na isang alternatibo sa Social Security Number na ginagamit lang sa paghahain ng mga buwis, para makakuha ng Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya).

Makakaapekto ba ang credit na ito sa anumang oportunidad na makatanggap ng visa o green card sa hinaharap dahil sa alituntunin sa public charge?

Hindi. Hindi kwalipikado ang mga credit sa buwis bilang mga pampublikong benepisyo at hindi ka madidiskwalipika sa pagtanggap ng visa o green card dahil sa pagtanggap mo ng WFTC sa ilalim ng alituntunin sa public charge.

Saan ako makakakuha ng tulong sa aking Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya)?

Maaari kang tumawag sa Call Center sa Working Families Tax Credit (Credit sa Buwis para sa Mga Nagtatrabahong Pamilya) ng Department of Revenue kung may mga tanong ka. Available ang interpretasyon. 360-763-7300.

Magbibigay ang Hotline ng [Washington Immigrant Solidarity Network \(WAISN\)](#) ng tulong sa aplikasyon sa pamamagitan ng telepono mula Marso 1, 2023. Nagsasalita ng English at Spanish ang lahat ng operator, at available ang serbisyong interpretasyon para sa ibang wika. Tumawag sa 1-844-724-3737, 8am–6pm, Lunes – Biyernes.